In a decision released online on Tuesday, the CA Twelfth Division granted the petition of the Office of the Solicitor General questioning the Aug. 29, 2019 order of Legazpi City RTC Branch 10 judge Ma. Theresa San Juan-Loquillan not to consider the testimony of some witnesses.

"(S)uch deliberate omissions or nitpicking of evidence by the trial court indubitably denied the state of its right to due process," the CA said in declaring the RTC ruling as null and

void. It ordered the lower court to resolve the accused's petition for bail, but this time "taking into consideration all the evidence presented during the bail hearing."

"The three witnesses and their testimonies should have been considered and should not have been left out. The trial court overstepped its discretion when it intentionally excluded the three witnesses without offering any valid reason or explanation other than citing its very authority to exercise discretion. This line of reasoning is absurd, if not shallow," the tribunal added.

The CA said a "new, immediate and updated assessment of all the evidence at hand" is "an equitable course of action."

Baldo was freed in September 2019 following the posting of PHP8.7 million in bail and land titles as surety bonds, including PHP3 million each for the two murder raps.

The RTC cited inconsistencies in the

testimonies of the witnesses, Baldo's absence at the crime scene at the time of the killing, and a witness who said the former

mayor did not give specific instructions to the hitmen who were supposedly hired to trail Batocabe. (PNA)



ROAD TO TRIPLE CROWN

Nagtagumpay ang bahagyang nadehado na kabayo na si Open Billing matapos singilin ang kanyang mga katunggali sa ginanap na 2023 Philracom "Road To Triple Crown" na inilarga sa karerahan ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar Tanauan, Batangas. Walang naging problema ang hineteng si Patricio Ramos Dilema sa ibabaw ng kanyang sakay na si Open Billing na rumemate ng maayos at sinamantala ang pagkakaalutsa sa outstanding favorite na si Tell Bell. Sa pagbukas ng aparato ay bumandera antimano ang matulin na si Tell Bell na pinatungan ni Jonathan Hernandez, kasabay sa gawing labas si (5)Going East na ginabayan ni Kelvin Abobo, pangatlo si Dom Sat Seven na pinatnubayan ni Conrad Henson, pang-apat si Player Andri na lulan ni Jeffril Zarate, kasunod ang ating bida na si Open Billing, pang-anim si (5a)Glamour Girle na nirendahan ni John Alvin Guce, habang si Go Aydan Go na sinakyan ni Jessie Apellido ang kulelat sa umpisa. Pagsapit sa medya milya (800 meter) ay kumaskas kaagad ang segundo liyamado na si (5)Going East upang maagaw ang bandera, kadikit ang paborito na si Tell Bell, pangatlo ng may anim na kabayong agwat ang tersero liyamado na si Dom Sat Seven, nasa ika-apat na posisyon naman

ang kacouple runner ni (5)Going East na si (5a) Glamour Girle, panlima ang quinto liyamado na si Player Andri, nasa ika-anim na puwesto ang kuarto liyamado na si Open Billing, habang ang pinakadehado na si Go Aydan Go ay nanatiling bugaw. Pagtuntong sa tres oktobos (600 meter) ay patuloy ang lutsahan nila (5)Going East at Tell Bell na halos magpantay na sa harapan, habang pinipilit ni Dom Sat Seven na makadikit sa ikatlong posisyon, at sabay na rumeremate sina Open Billing at (5a)Glamour Girle sa ika-apat na puwesto. Papasok sa home stretch ay bahagyang nakalayo sa unahan si Tell Bell, habang patuloy ang pagbulusok ng ating winning horse. Sa rektahan ay makikita na binagsakan ng todo ni Patty ang kanyang sakay na si Open Billing dahilang upang makadikit kay Tell Bell sa harapan. Pagdating sa huling 100 meter ay naging klaro na ang kalamangan ni Open Billing laban sa napagod na si Tell Bell at tinawid ang meta ng may dalawang kabayong agwat. Pasok sa trifecta si (5a)Glamour Girle at si Go Aydan Go ang bumuo sa quartet. Nakapagtala si Open Billing ng tiyempong 1:40.8 (25'-23-24'-27') para sa distansyang 1,600 meter sapat upang maibulsa ng winning horse owner na si Sec. Benhur Abalos Jr. ang premyong P600,000 bilang 1st prize.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, March 9, 2023.

ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

BABY LEEM B. MARISTELA
Sheriff-in-Charge

W A R N I N G :

IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW

Copy Furnished:

BDO UNIBANK, INC.,
Mortgagee
BDO Towers Valero, formerly Citibank Tower,
8741 Paseo De Roxas, Makati City 1226, Metro Manila

THELMA D. TAMAYO
(1) Unit 1807-II Wind Residences Condo Emilio Aguinaldo
Hi-Way, Brgy. Maharlika West, Tagaytay City
(2) Firefly St., Valle Verde VI, Ortigas, Pasig City

Publication: HANEP March 20, 27 & April 3, 2023

Paghahanda sa Semana Santa, inilatag ng RDRRMC CALABARZON

CALAMBA CITY (PIA) — Nakahanda na ang mga hakbang ng Regional Disaster Risk Reduction and Management Council (RDRRMC) Calabarzon upang matiyak ang seguridad at kaligtasan ng mga biyahero, turista, at mga debotong dadagsa sa rehiyon ng Calabarzon ngayong Semana Santa. Sa Pre-Disaster Risk Assessment Meeting na pinangunahan ni RDRRMC Chairperson at Civil Defense Calabarzon Regional Director Maria Theresa Escolano, tinalakay ng mga kasaping ahensiya ang mga hakbang na inihanda nito para sa nalalapit na obserbasyon ng Semana Santa simula Abril 2 hanggang Abril 9. Kabilang dito ang pagpapanatili ng peace and order sa pangunguna ng Police Regional Office Calabarzon na nakatakdang magpakalat ng nasa 5,934 kapulisan sa mga matataong lugar sa buong rehiyon. Pangungunahan naman

ng Land Transportation Office (LTO) 4-A at Land Transportation and Franchising Regulatory Board (LTFRB) 4-A ang pag-iinspeksiyon sa mga terminal ng mga pampublikong sasakyan sa rehiyon. Magbibigay din ang mga ito ng road assistance kasama ang Department of Public Works and Highways (DPWH) 4-A para matiyak ang kaligtasan ng mga motorista at biyahero. Nakahanda na rin ang Philippine Ports Authority (PPA) para sa pagdagsa ng mga pasahero sa mga pantalan. Samantala, naka-alerto naman ang Bureau of Fire Protection para sa rumesponde sa mga sitwasyon na kailanganin. Tiniyak naman ni Escolano na nakahanda ang RDRRMC CALABARZON at ang lahat ng mga kasaping ahensiya na tugunan ang anumang uri ng sakuna ngayong Semana Santa. **(MBIL, PIA4A)**

Lolo, arestado sa paninira ng gamit ng gobyerno

NAHARAP sa mga kasong Attempted Homicide at Malicious Mischief ang 61 anyos na lalaki na nanira ng ilang kagamitan na pag-aari ng gobyerno sa Lungsod Quezon kamakailan. Kinilala ni PLTCOL Mark Janis Ballesteros, hepe ng Quezon City Police District (QCPD) Talipapa Police Station, ang suspek na si Expedito Ursua, ng ng Barangay Apolonio Samson, Quezon City. Ayon kay PLTCOL Ballesteros, si Ursua ay pormal na inireklamo nina Cesar Manuel at Joseph Sarsona na parehong empleyado ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA). Nabatid na naganap ang insidente ganap na alas 8:40 ng umaga nitong ika-19 ng Marso sa center island ng EDSA sa harap ng Wilcon Builders, sa Balintawak sakop ng Barangay Apolonio Samson, Quezon City kung saan nagsasagawa ng Sidewalk and Center Island Clearing Operation

ang ilang mga tauhan ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) na pinamumunuan ni Manuel. Sinabi ni PLTCOL Ballesteros na ipinasya ni Sarsona na itigil muna nito pansamantala ang minamanehong MMDA trak upang linisin ang ilang mga karton at ilang assorted ng mga bagay na nakakalat sa center island ng EDSA sa nabanggit na lugar. Sa pagkakataong iyon ay biglang lumitaw ang suspek na si Ursua ay hawak na bato at ipinukol kay Sarsona na muntik ng tamaan sa ulo. Mabuti na lamang at mabilis na nakaiwas si Sarsona at ang windshield na lamang ng kanyang minamanehong trak ang tinamaan. Pagkatapos nito, tumakas ang suspek na si Ursua patungo sa EDSA Northbound ngunit hinabol nina Manuel at Sarsona hanggang sa makarating sa 7-11 convenience store sa kahabaan ng EDSA kanto ng Howmart Road,

4 Pinay, tiklo sa pagnanakaw sa Chinese national; 1 pa tinutugis

APAT na Filipina ang naharap sa kasong theft matapos ireklamo ng isang Chinese national na kanilang pinagnakawan sa Taguig City kamakailan habang pinaghanap pa ng mga pulis ang isa pang kasamahan ng mga ito. Kinilala ni Southern Police District (SPD) Director PBGEN Kirby John Kraft ang mga suspek na naaresto na sina Wheng Ramos y Paña, 30; Angeline Conde, 30; Jerikha Joy Acaba y Larosa, 26; at Jane Gellado y Noma, 41. Ayon kay Kraft, namimili ang babaing biktimgang si Yuan Chun Qin, 33, Chinese national, sa loob ng Korean mart sa Bonifacio Global City (BGC), Barangay Fort Bonifacio, Taguig City, noong nakaraang Miyerkules ng gabi na

maganap ang insidente. Batay sa pahayag ng biktima, hindi siya nakakilos agad sa bilis ng pangyayari kung saan kinuha umano ng mga suspek ang kanyang iPhone 13 Promax at iPhone 14 Promax na nakalagay sa loob ng backpack. Agad ipinagbigay alam ng biktima sa mga security guard ang pangyayari kung saan nakorner ng mga ito ang apat na Filipina na mga suspek. Habang iniimbestigahan sa Taguig City Police Station, sinabi ng mga suspek na wala sa kanila ang dalawang iPhone units ng biktima kundi nandun umano sa isa pa nilang kasamahan na si Mary Ann Francisco, na mabilis naman nakatakas matapos maganap ang insidente. **(Paulo B Flores)**

Bangkay ng Tsekwa, natunton sa masangsang na amoy

DUGO ng bangkay ng isang Chinese national ang masangsang na amoy na inireklamo ng ilang residente at dalawang granada ang natagpuan sa isang bahay sa Gen Trias City, Cavite Huwebes ng madaling araw. Sa ulat ni PSSgt Ernesto Angue Jr., ng Gen Trias City Police, dakong alas-12:30 ng hatinggabi nakatanggap sila ng reklamo sa mga residente sa Pacifica Homes, Brgy Navarro, dahil sa nakakasulasok ng amoy na nanggagaling sa isang bahay sa kanilang

lugar. Nagresponde ang mga awtoridad at natuklasan ang mga bahid ng dugo sa comfort room ng bahay at dalawang granada ang nakita sa isang kuwarto sa ikalawang palapag ng isang bahay sa Pacifica Homes. Sa panayam, kinumpirma ni PltCol Jose Naparato Jr., hepe ng Gen Trias City Police, na ang natuklasang dugo sa nasabing bahay ay mula sa kinidnap at pinatay na isang Chinese national kung saan doon unang dinala ang bangkay subalit itinapon sa Tanza.

Balintawak, Quezon City kung saan mayroong mga pulis QCPD na nagpapatrolya at nahuli agad ang suspek. Bukod sa pagbabayad ng P8,000.00 bilang danyos, si Ursua ay naharap sa kasong Attempted Homicide at Malicious Mischief sa Quezon City Prosecutor's Office. Kaugnay nito, pinuri ni QCPD Director PBGEN Nicolas D Torre III ang mga tauhan ng Talipapa Police Station sa pangunguna ni PLTCOL Mark Janis Ballesteros dahil sa mabilis na pagtugon sa tawag ng tungkulin sa pagpapatupad ng batas. **(Paulo B Flores)**

Tumangging magbigay ng ibang detalye si Col. Naparato dahil ang nasabing kaso ay hawak na ng Anti Kidnapping Group (AKG). Kinumpirma rin ni PChief Inspector Dennis Villanueva, hepe ng Tanza Police Station, sa isa ring panayam, na may isang bangkay ng Chinese national na itinapon sa nasabing bahay kamakailan. Tumanggi rin ng iba pang detalye si Chief Inspector Villanueva hinggil sa insidente dahil ang nasabing kaso ay iniimbestigahan na ng AKG. **GENE ADSUARA**

'Tirador' ng motor, kumasa sa parak

TINAMAAN ng bala sa kanang hita ang isang hinihinalang motornapper makaraang nakipagpalitan ng putok sa awtoridad sa aktong kinakatay nito ang isang nakaw na motorsiklo sa Imus City, Cavite Miyerkules ng umaga. Ginamot sa Ospital ng Imus ang suspek na si Floro S. Fialbon, binata, nasa hustong edad, walang trabaho, at ng Brgy. Carsadang Bago 2, Imus City, dahil sa tama ng bala sa hita. Sa ulat ni PSSgt Jose Marie Natanawan, ng Imus City Police, humingi ng police assistance ang biktimgang si Gerrard Leaño y Tuando, 23, nursing student, ng Looban St., Brgy. Carsadang Bago

2, Imus City, na nalamang ang kanyang motorsiklo ay tinangay noong March 21 dakong alas-5:30 ng umaga. Nagresponde naman ang awtoridad dakong ala-1:30 kinabukasan ng hapon kung saan naaktuhan ang suspek sa Brgy Carsadang Bago 2, Imus City na kinakatay ang nakaw na motorsiklo. Naramdaman ang presensya ng pulis at tinangkang tumakas ng suspek kaya hinabol siya subalit pinaputukan ng hawak niyang kalibre 38 na baril ang mga awtoridad dahilang upang gumanti kaya tinamaan sa kanang hita na nagresulta ng pagkakaaresto. **GENE ADSUARA**

Special permit ng mga PUVs na papasada sa Holy Week, pinalawig ng LTFRB

LUNGSOD QUEZON, (PIA) – Nagpasya ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na palawiginang bisa ng special permit ng mga pampublikong sasakyan na papasada sa nalalapit na Holy Week ngayong 2023. Sainilabas na Board Resolution No. 009, napagpasyahan ng LTFRB na sa halip na sa ika-2 hanggang sa ika-11 ng Abril, magiging epektibo na ang special permit para sa Holy Week ngayong taon simula sa ika-31 ng Marso hanggang sa ika-17 ng Abril. Kasunod iyan ng Proclamation No. 90 ng Malacañang na nagdeklara sa ika-6 (Maundy Thursday) at ika-7 (Good Friday) ng Abril bilang regular holidays. Sa ilalim din ng proklamasyon, pansamantalang inilipat sa ika-10 ng Abril ang pagdiriwang ng Araw ng Kagitingan matapos tumapat sa araw ng Linggo ang orihinal na paggunita nito tuwing ika-9 ng Abril. Batay sa resolusyon, ang pag-amyenda ng LTFRB sa bisa ng special permit ay bunsod ng

inaasahang pagdagsa ng mga pasahero na uui sa kani-kanilang probinsya dahil sa mahabang holiday, pagluwag ng travel restriction, at muling pagbubukas ng ekonomiya sa bansa. "With the five-day break, it will give more Filipinos the chance to spend more time with their families in the provinces and for spiritual reflection during the Holy Week. That is why the Board decided to change the duration of Special Permits so that the commuting public is assured of sufficient supply of public transportation that would take them to their destination," pahayag ni LTFRB Chairman Teofil Guadiz III. [Mabibigyan ng higit na pagkakataon ang Filipino ng mahabang panahon sa piling ng kanilang pamilya at para sa kanilang spiritual reflection. Kaya naman napagpasyahan ng LTFRB sa habaan ang permit na ibigay sa mga PUVs upang maihatid sa kani-kanilang probinsya ang mga mag-sisiwi sa darating na Semana Santa.] **(ltfrb/pia-ncr)**

2 pulis, inireklamo ng dalaga sa pangmomolestiya?

INARESTO ng Cavite police ang dalawa nilang kabaro makaraang ireklamo ng 18-anyos na babae ng umano'y pangmomolestiya sa Imus City Miyerkules ng madaling araw. Kinilala ang dalawang pulis na sina Corporal Bryan Santiago Balajay at PMSgt Rey Mendoza Pogoso, kapwa nakatalaga sa Police Community Precinct 1, Imus City, habang ang nagreklamo ay isang Grade 12 student ng Bacoor City. Sa ulat, dakong alas-3:30 ng madaling araw naganap ang insidente sa isang apartment sa Bahayang Pag-Asa Ph 6, Molino V, Bacoor City. Nauna rito ay nag-iinuman ang

biktima kasama ang kanyang live-in partner, isa pang lalaki at ang dalawang pulis. Makaraan ang ilang oras, nagpahinga na ang biktima at umakyat sa kuwarto pero dakong alas-3:30 ng madaling araw ay naalimpungatan ito dahil nakitang ipinapasok ang ari ni Balajay sa bibig nito habang hawak naman siya ni Pogoso sa kanang kamay. Sinabi umano ng biktima na "papayag ako sa gusto niyo huwag niyo lang pigilan ang kamay ko" na naging hudyat ng kanyang paghulagpos at humingi ng tulong sa mga kaibigan at nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek. **GENE ADSUARA**



(Kuha ni Christian Heramis)

BENTE PESOS NA BIGAS SATULONG NG UNIGROW?

ISINUSULONG ng mga magsasaka kay Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos, Jr. ang posibleng pagsasakatuparan sa halagang bente pesos (P20) na bigas sa pamamagitan umano ng kanilang organic fertilizer na Unigrow. Una rito ay ibinida ni Ginoong Jimmy Vistar at ilang grupo ng magsasaka ang malalaking sibuyas na buhat sa kanilang ani. Ipinagmamalaki nila na ito ay dahil sa imbensyong Unigrow na isang organic fertilizer. Sinasabing ang lokal na gawa na pataba na ito ay

napatunayang epektibo, mura at mababa ang makukunsumo kumpara sa ibang produkto para sa mga pananim. Kabilang sa mga pananim ay ang bawang, sibuyas, mais, sili, kamatis at higit sa lahat ang bigas na pangunahing pagkain. Bunsod nito ay isinusulong ng mga magsasaka at ni Ginoong Vistar kay PBBM na mapansin ang kanilang produkto. Maaari rin umano itong subukin at suportahan upang makamit na ang bente pesos na halaga ng bigas sa merkado. **CHRISTIAN HERAMIS**

Bosero, kalaboso

DINAKIP ng mga tauhan ng Quezon City Police District (QCPD) ang 21 taong gulang na lalaki dahil sa ginawa nitong paninilip kamakailan. Kinilala ni QCPD Director PBGEN NICHOLAS D TORRE III ang suspek na si Angelo Dizon Cabrerros, taga Alicia, Isabela at pansamantalang naninirahan sa Barangay Batasan Hills, Quezon City. Ayon kay PLTCOL Morgan Aguilar, hepe ng Batasan Police Station (PS 6), alas nwebe na ng gabi nitong ika-21 ng Marso natanggap nila ang reklamo ng biktima na si Krizia Dominique Largo Capanzana, 25, laban sa suspek. Lumalabassa imbestigasyon ng QCPD Batasan Police Station (PS 6) na naliligo si Capanzana sa loob ng kaniyang tinutuluyan sa Block 5, Lot 23, Battalion St., Barangay Batasan Hills at napansin nito ang isang cellphone na nakasuksok sa butas ng dingding ng banyo na tila ginagamit sa pagkuha ng video o larawan niya habang naliligo. Mabilis na nagbanlaw ang biktima, nagtapis ng tuwalya at agad lumabas ng banyo upang tingnan kung kanino o sino ang nagmamay-ari ng naturang cellular phone. Sa kanyang salaysay, nakita umano ni Capanzana si Cabrerros na hawak ang parehong telepono na nakita niya sa butas. Pagkatapos, hinarap niya ang suspek na

si Cabrerros at humingi ng tulong sa kanyang kasama na kalaunan ay sinamahan siya upang dalhin ang suspek sa QCPD PS 6 at ireklamo ito. Sinabi ni PLTCOL Morgan Aguilar na si Cabrerros ay naharap sa mga kasong Unjust Vexation at paglabag sa Republic Act 9995 o ang Anti-Photo and Video Voyeurism Act sakaling mapatunayan na kinuhanan nito ng litrato o nag-record ng video habang naliligo ang biktima. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni PBGEN Torre na ang photo or video voyeurism ay ang pagkuha ng litrato o video ng isang tao o grupo ng mga taong nagsasagawa ng sekswal na gawain o anumang katulad na aktibidad o ng pagkuha ng larawan ng pribadong bahagi ng isang tao o mga tao nang walang pahintulot. Ito ay nakatuon upang protektahan ang privacy, karangalan, dignidad at integridad ng isang tao. "Nagpapasalamat ako sa publiko sa pagtitiwala niyo sa kapulisan at pagtulong niyo para mahuli ang mga ganitong tao na gumagawa ng di kanais-nais. Nawa'y ipagpatuloy po ninyo ang pagreport sa mga taong gumagawa ng kahit anumang krimen, para tayo'y manatiling ligtas sa bawat oras," idinagdag pa ni PBGEN Torre. **(Paulo B Flores)**

HANEP

Basahin Mo Ito!

HVI, timbog sa P7-M shabu

TINATAYANG nasa mahigit pitong milyong pisong (P7-M) halaga ng hinihinalang shabu ang nakumpiska sa itinuturing na isang high-value individual (HVI) matapos ang matagumpay na buy bust operation ng mga awtoridad sa Lucena City kamakailan. Ang suspek na nakilalang si Andrian Saludez, 34, ng Barangay Isabang, ay naaresto makaraang magbenta ng droga sa nagpanggap na buyer. Ang buy bust operation ay ikinasa ng magkakasanib puwersa ng Quezon Provincial Drug Enforcement Unit, Quezon

Provincial Intelligence Unit, Philippine Drug Enforcement Agency 4A-Quezon at Lucena Special Drug Enforcement Unit sa loob ng Immaculada Subdivision, ng naturang barangay. Sa pagkakaaresto sa suspek ay nakuha sa kanyang pag-iingat ang tinatayang 375 gramo ng hinihinalang shabu at may street value na P7.6 million. Naharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sections 5 and 11 ng Art II of Republic Act 9165, o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. **RUBEN LACSA**



Medalya ng Kagalingan: IGINAWAD kay PCOL RUBEN B LACUESTA (kanan), Chief of Police, Caloocan City Police Station, ni NCRPO, Regional Director PMGEN EDGAR ALAN O OKUBO (kaliwa), ang 'Medalya ng Kagalingan' dahil sa mga accomplishments nito katulad na lamang ng makakumpiska ang kanyang mga tauhan ng humigit kumulang na 100 grams ng hinihinalang Methamphetamine Hydrochloride na nagkakahalaga ng Php 680, 000.00. **(Paulo Flores)**



QCPD-MEDIA RELATIONS: Pinag-uusapan nina QCPD Director PBGEN NICHOLAS D TORRE III (kaliwa) at QCPD PIO, PCAPT JOHANNA LAVARIAS (kanan) ang ilang mga bagay kung papaano mas mapapaganda ang mga news releases at photo releases na ipapabatid sa mga mamamayan sa pamamagitan ng mga kaibigang news personalities ng QCPD at kung papaano mapapanatili ang magandang relasyon sa pagitan ng pulis at media na parehong nagbibigay serbisyo sa publiko. **(Paulo Flores)**

KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136

'Taas ihi kahit mali'

NAKAKAGAWA ng pagkakamali subalit sa halip na nakikita ang kamalian ay ginagawa pang magbulag-bulagan. Kakambal na pagiging bulag sa katotohanan ay ang taglay na kahambugan. Iyon bang tipo na nakagawa na ng pagkakasala ay mayabang pa sa halip na magpakumbaba. Hindi kayang humingi ng dispensa dahil ang tingin sa sarili ay mataas at magaling. Mayroon talagang masyadong 'mataas ang ihi' o sobrang pride sa sarili. Sa kabila na alam naman ang pagkakamali ay sadyang mataas pa rin ang ihi o ere sa utak at katawan. Ang ganitong klase ng karakter ay masasabing walang kuwentang kasama. Bakit? Paanong pakikisamahan ang sobrang 'taas ng ihi' na kahit mali na ay matapang pa. Mahalagang nakikita ang kamalian o kasalanan at kapag ganyan ay iyan ang masarap at magandang nakakasama. Lalo na kung pagkatapos makita ang kamalian na ang kasunod ay

ang paghingi ng pagpapatawad. Ang matataas ang 'ihi' ay mayroong pagbabalat-kayong pag-uugali. Paano? Manghihingi naman ng paumanhin subalit sa 'ilong' lamang lumalabas. Ibig sabihin ay peke lamang ang hinihinging kapatawaran at hindi bukal sa kalooban. Makita at masabi lamang ng nasa paligid ang paghingi ng dispensa. Hindi naman madadaya ang paningin at damdamin ng kapaligiran kung huwad ang hinihinging kapatawaran. Ingtat sa mga ganitong uri at kung maari ay iwasan at layuan na lamang. Sabi nga, hindi baleng kakaunti lamang ang nakakasama basta 'mababa ang ihi' sa pagkakamali at higit sa lahat ay nasa puso ang paghingi ng kapatawaran. Mas matanda man, mas may posisyon man o ano man ang kalagayan o estado basta nakita ang pagkakamali ay hindi tataas ang ihi. Tamang igtalang ang nakatatanda o ang nasa puwesto subalit ang respeto ay magmumula sa kahit kanino, bata man o matanda.



SOBRANG apaw o dami ng mga motorsiklo na nahahatak kaya halos patung-patong na ang mga ito para mapagkasya sa isa sa impounding area ng MANILA TRAFFIC and PARKING BUREAU sa Vitas, Tondo, Maynila. Mistulang tambakan na rin ito ng mga sirang sasakyan sa dami na rin ng nahahatak. Reklamo ng karamihan sa mga nahahatakan ay ang pagkasira ng sasakyan o motorsiklo dahil sa kawalan ng pag-iingat kapag hinatak o binubuhat at umano'y kapabayaan na rin ng mga kawani ng MTPB. Bukod sa sinasabing kaabusuhan, bulok na sistema at kapabayaan ay napansin din ang pagiging dugyot o maruming impounding area. **CHRISTIAN HERAMIS**